

REGASCO

CASE NO.: NTE_TERESA_2026_508

RETURN TO WORK ORDER NO.1
PETSA : SEPTEMBER 12, 2026

MULA SA : HUMAN RESOURCE DEPARTMENT
REPUBLIC GAS CORPORATION
SITIO BULAK, BRGY., BAGUMBAYAN TERESA
RIZAL

PARA KAY : RICARDO D. APOLINARIO
POSISYON : DELIVERY RIDER
ADDRESS : 121 SAMPAGUITA ST. BRGY. DELA PAZ, ANTIPOLO
CITY

RETURN TO WORK ORDER

Ang liham na ito ay tungkol sa iyong pag abandona sa iyong trabaho bilang DELIVERY RIDER. Pagkatapos suriin ang iyong attendance rekord, lumalabas lamang na ikaw ay hindi na pumapasok sa iyong trabaho simula September 02, 2026 hanggang sa kasalukuyang petsa ng walang pahintulot o paalam.

Dahil dito, ikaw ay inaatasan na bumalik sa iyong trabaho sa SITIO BULAK, BRGY., BAGUMBAYAN TERESA RIZAL sa loob ng Apat na pu't walong (48) oras pagkatapos mong matanggap ang liham na ito at ipaliwanag kung bakit walang kinakailangang aksyon pang disiplina ang ibigay sa iyo para sa pag abandona mo sa iyong trabaho.

Ang iyong pagkabigong bumalik sa trabaho sa loob ng panahon na ibinigay sa iyo ay mangangahulugan lamang na ikaw ay hindi na interesado pang bumalik sa iyong trabaho kailanman at tuluyan mo nang inaabandona ang iyong pagtatrabaho sa kumpanya.

Mangyaring makipag ugnayan sa opisina ng Human Resource Department para sa magiging desisyon mo patungkol sa iyong pagtatrabaho sa kumpanya. Maari mo kaming itext o tawagan sa **09356997642** at i-mail sa **hr.teresa3@mindbridgeresources.ph**.

Para sa iyong gabay.

Inihanda ni:

MYLENE SANTIAGO
HR ASSOCIATE